EDMONTON PUBLIC SCHOOLS

BOARD OF TRUSTEES
WARD A Sherri O'Keefe
WARD B Marsha Nelson
WARD C Marcia Hole
WARD D Trisha Estabrooks
WARD E Dawn Hancock
WARD F Julie Kusiek
WARD G Saadiq Sumar
WARD H Nathan Ip
WARD I Jan Sawyer

SUPERINTENDENT OF SCHOOLS
Darrel Robertson

Centre for Education
1 Kingsway NW
Edmonton AB T5H 4G9

T 780-429-8000
F 780-429-8318
E info@epsb.ca

October 24, 2022

Minamahal na mga magulang, tagapag-alaga at pamilya,

Ngayong fall, magsisimula nang magtrabaho ang Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton para maunawaan nang mas mabuti ang pagkakaiba-iba ng mga estudyante na aming pinaglilingkuran. Ang impormasyong ito ay makakatulong na makapagbigay ng impormasyon sa aming mga aksyon para gawing malugod na tumatanggap at ligtas na lugar ang paaralan para sa lahat ng estudyante. Sa mga darating na linggo, ang mga estudyante sa Grade 4 hanggang 12 ay magkakaroon ng oportunidad para lumahok sa isang **student demographic survey.**

Ang mga kalahok na estudyante ay kukumpletuhin ang isang survey habang oras ng klase na isinasaalang-alang ang kanilang privacy, at magiging available ang staff ng paaralan para suportahan ang mga estudyante kung kinakailangan. Boluntaryo ang lahat ng tanong sa survey, na nangangahulugan na ang iyong anak ay sasagutin lang ang mga tanong na komportable silang sagutin.

**Ano ang Student Demographic Survey?**
Noong fall ng taong 2021, ang Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton ay naglabas ng Anti-racism and Equity Action Plan (Plano ng Aksyon Laban sa Racism at para sa Pagkakapantay-pantay) para matugunan ang racism sa Division at magsagawa ng mga pagkilos para sa pagkakapantay-pantay. Ang plano ay itinatag nang ayon sa tatlong pangunahing bahagi. Ang mga bahaging ito ay binuo matapos malaman ang mga naging karanasan ng mga estudyante, staff, pamilya at ang mga rekomendasyon ng 2020-2021 Equity Advisory Committee. Ang isa sa tatlong pangunahing bahagi na tinukoy sa plano ay malaman pa ang tungkol sa mga estudyante sa pamamagitan ng pangongolekta ng karagdagang data ng demograpiko para malaman ang mga aksyon na makakapagdulot ng positibong pagbabago.

Sa pamamagitan ng survey, ang mga estudyante ay aanyayahan na ibahagi ang impormasyon tungkol sa kanilang:

- Indigenous identity
- kinikilalang lahi
- etnisidad
- panrelihiyon o isipirituwal na kinabibilangan
- kinikilalang kasarian
- sekswal na oryentasyon
  *(Grade 7-12 lamang)*

**Bakit hinihingi ng Division ang impormasyong ito?**
Ang data mula sa student demographic survey ay makakatulong sa amin na maunawaan nang mas mabuti ang pagkakaiba-iba ng mga estudyante. Ang data ay susuriin kasama ng ibang data na available sa Division. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton na maunawaan nang mas mabuti kung paano nararanasan ng iba't ibang mga grupo ng estudyante ang paaralan at makapagbigay ng impormasyon sa mga aksyon na magagawa para suportahan ang tagumpay ng estudyante.

Magbabahagi sa komunidad ng pangkalahatang ideya ng mga inisyal na nalaman at mga trend mula sa demographic survey. Ang impormasyong ito ay hindi kikilala sa mga indibiduwal na paaralan o estudyante.

**Privacy at seguridad ng impormasyon ng iyong anak**

Ang impormasyon ng estudyante ay sensitibo at kompidensyal. Bilang mabubuting tagapamahala ng impormasyon, ang Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton ay sumusunod sa *Freedom of Information and Protection of Privacy Act* (FOIP) (Batas sa Kalayaang Makakuha ng Impormasyon at Proteksyon sa Privacy) at sa pinakamahuhusay na pamamaraan sa pangongolekta, pagtatabi at pagpoprotekta ng impormasyon ng estudyante at data.

**Sino ang makakakita sa mga sagot ng estudyante?**

Ang mga indibiduwal na sagot ng estudyante ay ligtas na itatabi sa isang central server at maa-access lang ng kakaunting staff ng Division na responsable para sa pamamahala at privacy ng data. Ang impormasyon na ibabahagi ng mga estudyante ay kompidensyal, na nangangahulugan na hindi ito ibabahagi sa staff ng paaralan, mga pamilya o sa pangkalahatang publiko.

**Mga ikinababahala o mga tanong ng mga magulang**

Ang mga magulang na hindi nais na isali ang kanilang anak sa survey ay dapat na sabihin ito sa paaralan ng kanilang anak. Ito ay magagawa sa mga pamamagitan ng pagtawag, personal na pakikipag-usap o sa pamamagitan ng pagsulat.

**Ang ating pag-asa sa kinabukasan**

Nakatuon ang Mga Pampublikong Paaralan ng Edmonton sa anti-racism at pagkakapantay-pantay. Ang oportunidad na malaman pa ang tungkol sa pagkakakilanlan ng estudyante ay isang pangunahing aksyon patungo sa makabuluhang pagbabago. Kami ay umaasa na sa pamamagitan ng survey na ito, malalaman namin ang mga aksyon na magreresulta sa isang kinabukasan kung saan ang lahat ng estudyante ay magkakaroon ng pakiramdam ng pagiging kabilang at makakaranas ng tagumpay.

Taos-puso,



Darrel Robertson
Superintendent of Schools

*Ang personal na impormasyon ay nakolekta nang alinsunod sa Seksyon 33(c) ng Freedom of Information and Protection of Privacy Act (FOIP) (Batas sa Kalayaang Makakuha ng Impormasyon at Proteksyon sa Privacy) at ng Education Act para makapagbigay ng suporta sa isang tumatanggap, nagmamalasakit, ligtas at magalang na kapaligiran para sa mga estudyante, staff at pangkalahatang publiko. Anumang may kaugnayan sa FOIP na tanong ay maaaring ipaabot kay Brenda Hoang, Division FOIP Office, Technology and Information Management, The Centre for Education, One Kingsway Avenue, Edmonton, Alberta, Canada. Telepono: +1 780-429-8350.*